Mahalagang Impormasyon para sa Mga Amo at Mga Empleyado tungkol sa Kompensasyon sa Mga Pinsala Habang Nasa Trabaho at Mga Sakit Na May Kaugnayan Sa Trabaho

Kautusan tungkol sa Kompensasyon sa Mga Empleyado

Ang Kautusan ukol sa Kompensasyon sa Mga Empleyado(ECO-Employees' Compensation Ordinance), Kapitulo 282 ng Mga Batas ng Hong Kong, ay para sa lahat ng mga empleyado na nagtatrabaho nang buong-oras (full-time)o bahaging-oras (part-time) sa Hong Kong, sa kanilang pagkakaroon ng pinsala o pagpanaw habang nasa trabaho o dala ng mga sakit na natukoy na mayroong kaugnayan sa trabaho.

Pinsala habang nasa trabaho

- Kung ang empleyado ay nagtamo ng pinsala o nasawi bilang resulta ng aksidente na nangyari dahil sa trabaho at sa panahon ng kanyang trabaho, sa pangkalahatan, may obligasyon ang kanyang amo na magbayad ang kompensasyon sa ilalim ng ECO.
- Ang empleyado na nagtamo ng pinsala ay kailangan na sa lalong madaling panahon ay ipagbigay-alam sa kanyang amo ang tungkol sa aksidente.
- Nararapat na ipagbigay-alam ng amo sa Kagawaran ng Paggawa ang anumang aksidente sa loob ng 14 na araw [pitong (7) araw sa mga kaso na kung saan ay may nasawi] pagkatapos ng aksidente.
- Ang empleyado na dumaranas ng kawalan ng kakayahan dahil sa sakit na mayroong kaugnayan sa trabaho na tinutukoy sa ECO ay may karapatan sa katulad na kompensasyon at proteksiyon.

Mga kabayaran na kompensayon

1. Kabayaran para sa Sick Leave: Sa loob ng panahon ng sick leave dahil sa pinsalang natamo habang nasa trabaho, ang empleyado ay may karapatan sa kabayaran para sa sick leave sa halagang apat na ikalimang-bahagi (4/5) ng normal na buwanang kita ng empleyado, na ibinabayad sa normal na mga araw ng suweldo.

2. Kompensasyon na Pera na Ibinabayad nang Minsanan: Kung ang napinsalang empleyado ay dumaranas ng permanenteng kawalan ng kakayahan bilang resulta ng aksidente, siya ay may karapatan din sa kompensasyon na pera na ibinabayad nang minsanan lamang. Ito ay kinakalkula ayon sa edad, buwanang sahod at permanenteng pagkawala ng kakayahang kumita ng empleyado (na inaalam ng Lupon ng Pagpapasya tungkol sa Kompensasyon sa Mga Manggagawa.). Kinakailangan na magbayad ang amo sa empleyado ng kompensayon na pinagtibay ng Kagawaran ng Paggawa, sa loob ng 21 na araw.

3. Mga Gastos sa Pagpapagamot: Maliban na lamang kung may sapat at libreng pagpapagamot ang naibigay sa napinsalang empleyado, katungkulan ng amo ang magbayad ng mga gastos sa pagpapagamot para sa pagpapagaling ng empleyado sa pinsalang natamo habang nasa trabaho, sa ilalim ng sumusunod na hangganang halaga bawat araw:

Pagpapagamot ng pasyenteng mananatili sa ospital O pagpapagamot ng pasyenteng hindi mananatili sa ospital	HK$300
Pagpapagamot ng pasyenteng parehong mananatili sa ospital AT hindi mananatili sa ospital sa araw na iyon din	HK$370

Itinakdang pagpapaseguro

Ang mga amo ay kinakailangang kumuha ng seguro para sa kompensasyon ng empleyado para matugunan ang kanilang pananagutan sa ilalim ng ECO at ng nakaugaliang batas ukol sa mga pinsalang natamo ng kanilang mga empleyado habang nasa trabaho.

(Tagalog)

Kung ang amo ay hindi nagreport ng aksidente, hindi kumuha ng seguro o hindi nagbayad ng kompensasyon

Kailangang ipagbigay-alam kaagad ito ng empleyado sa Kagawaran ng Paggawa.

Mga kahilingang pagpapasyahan ng Korte

- Ang ECO ay hindi nagbibigay ng kapangyarihan sa Tagapamahala ng Paggawa na magbigay ng opisyal na pasya tungkol sa mga kahilingan na pinagtatalunan. Kung ang amo at ang manggagawa ay hindi maayos ang pinagtatalunang kahilingang kompensasyon sa tulong ng Kagawaran ng Paggawa, ang kahilingan ay kailangang pagpasyahan ng Korte.
- Ang aplikasyon sa Korte para sa kahilingang kompensasyon ng empleyado ay kailangang maisagawa sa loob ng 24 na buwan mula sa petsa ng aksidente. Kung kaya kinakailangang sumangguni kaagad sa Kagawaran ng Paggawa para sa kanilang tulong ang empleyado kung ang kaso ay hindi mabigyan ng katapusan sa pagtatapos ng ika-18 buwan mula sa petsa ng aksidente.

Proteksiyon sa pagtatrabaho

Hindi maaaring tapusin ng amo ang kontrata sa pagtatrabaho ng napinsalang empleyado maliban sa kung ang kaugnay na sertipiko ay naibigay na ng Kagawaran ng Paggawa o nagkaroon na ng resulta ang kahilingang kompensasyon ng empleyado.

Pagdedemanda

Kung ang isang tagapag-empleyo ay lumalabag sa anumang mga probisyon ng ECO, ang Kagawaran ng Paggawa ay isasaalang-alang ang pagsasampa ng demanda laban sa lumabag na tagapag-empleyo kapag may sapat na ebidensiya.

Mga pagtatanong

- Pangkalahatang mga katanungan: 2717 1771
- Address ng home page: http://www.labour.gov.hk
- Pagtatanong nang personal sa mga pandistritong opisina ng Sangay ng Kompensasyon sa Mga empleyado:

Employees' Compensation Division Operations – Team A • cases on Hong Kong Island, outlying Islands and outside Hong Kong	**Room 1605, 16/F, Southorn Centre, 130 Hennessy Road, Wanchai, Hong Kong**
Employees' Compensation Division Operations – Team B • cases in Kowloon East and Kowloon West	**Room 1007, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon**
Employees' Compensation Division Operations – Team C • cases in Kwai Chung, Tsing Yi, Tsuen Wan, Tuen Mun and Yuen Long	**6/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories**
Employees' Compensation Division Operations – Team D • cases in Tseung Kwan O, Sai Kung, and cases involving government employees and seamen	**Room 05-06, 23F, KOLOUR• Tsuen Wan I, 68 Chung On street, Tsuen Wan, New Territories**
• cases in Shatin, Taipo, Fanling and North District	**Room 239, 2/F, Shatin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Shatin, New Territories**
Fatal Cases Office	**Room 601, 6/F, Harbour Building, 38 Pier Road, Central District, Hong Kong**

(Ang patnubay na ito ay nagpapaliwanag sa mga mahahalagang probisyon ng Kautusan ukol sa Kompensasyon para sa Mga Manggagawa (Kap. 282). Kailangang tandaan na ang Kautusan lamang ang tanging kinikilalang mahusay na sanggunian para sa ipinaliwanag na mga probisyon ng batas.)

Updates of Office of the Employees' Compensation Division, Labour Department

Office of the Employees' Compensation Division, Labour Department	Address
Work Injury Cases	
Submit relevant forms for reporting work injury cases or prescribed occupational disease cases: • Employees' Compensation Division Operations – Central Processing Team	Room 1007, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon
Enquiries on reported work injury cases or prescribed occupational disease cases: • Employees' Compensation Division Operations – Team A	Room 1605, 16/F, Southorn Centre, 130 Hennessy Road, Wanchai, Hong Kong
• Employees' Compensation Division Operations – Team B	Room 1007, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon
• Employees' Compensation Division Operations – Team C	6/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories
• Employees' Compensation Division Operations – Team D	Rooms 05-06, 23/F, KOLOUR•Tsuen Wan I, 68 Chung On Street, Tsuen Wan, New Territories
	Room 239, 2/F, Shatin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Shatin, New Territories
• Employees' Compensation Division Operations – Team E	18/F, One Mong Kok Road Commercial Centre, 1 Mong Kok Road, Kowloon (with effect from 20 January 2020)
Fatal Cases	
Fatal Cases Office	Room 601, 6/F, Harbour Building, 38 Pier Road, Central, Hong Kong

General Enquiries on Employees' Compensation Ordinance

- Labour Department's Website: https://www.labour.gov.hk
- Enquiry Hotline: 2717 1771 (the hotline is handled by the "1823")
- Enquiry in person to Offices of the Employees' Compensation Division

Labour Department
January 2020